# PANIMULA

**"Sa wakas, mga kuwento ng aking bayang sinilangan!"**

Nakakatuwang isipin na sisimulan ko ang panimulang ito sa pamamagitan ng una kong naging reaksiyon nang mabasa ko ang librong ito; na waring pahiwatig ng pagtatapos. Sa rami kasi ng samot-saring bagay na narinig ko tungkol sa Binangonan, Rizal, ngayon lang ako nakakita ng isang koleksyon ng mga kuwentong kumakatawan sa sagisag, sining, at saysay ng aking bayang sinilangan. Kaya nakangiting kapit ang aking dibdib sabay buntong-hininga, sambit ko sa sarili: "Sa wakas, mga kuwento ng aking bayang sinilangan!"

Isang malaking karangalan ang makatanggap ng isang imbitasyon sa pamamagitan ni Kuya Jolan Aralar, ang isa sa itinuturing kong mabuting kaibigang lider-kabataan ng ating bayan, ang pasabi ng may-akda, si Tita Her Gonzaga-Galang, na silipin ko raw ang kanyang libro't magbigay ng aking suhestiyon, opinyon, at kuro-kuro. "Tita" ang tawag ko sa kanya bilang paggalang, kahit hindi ko siya kamag-anak, dahil kaedaran niya ang aking Mama Volet, ka-batch niya sa *Binangonan Catholic High School (BCHS)*, na ngayon ay *Binangonan Catholic College (BCC)* na ang tawag. Paunang tugon ko, "Wala namang problema." Nilinaw ko lang kung anong lente ang aking gagamitin sa proseso ng konsultasyong ito. Ano pa nga ba kundi ang agham ng Sosyolohiyang aking propesyon.

Maliban sa sosyolohiya, meron pang mahalaga. Mas higit ang malalim na karanasang aking paghuhugutan dahil sa Binangonan, ang lugar na paksa ng libro, rin ako nagkamalay, simula bata hanggang sa paglaki, mula pagkamusmos hanggang sa pag-usbong ng aking pagkatao. Kaya naglaan ako ng panahong basahin ang bawat kuwento ni Tita Her, na ang unang bersiyon ay sa *Facebook (FB) posts* niya ibinahagi. May ibang dating at dama lang kapag ang mga parang dahon ng mga naratibo ay waring lumago sa sanga-sangang puno ng isang kuwentong-bayan, sa iisang libro. At para kay Tita

Her, ito ang librong bunga ng sensitibo at kritikal niyang pakikinig sa mga tanim ng karanasang kanyang inalagaan sa maraming taon, gamit ang mapagpalagong kamay na panulat at isip na ang interes ay mapasibol ang parehong halaga at kalinga sa bayang patuloy niyang minamahal. Kaya kahit ako, laging napapangiti kapag nababasa ko ang kanyang mga FB posts na ngayon ay isa nang libro.

## SAGISAG

Bilang isang Pilipinong sosyologo, hinahanap ko ang mga konsepto, metodo, at kapakinabangan sa anumang proyekto upang makita ang halaga nito sa kalakaran ng lipunan sa gitna nang magaslaw na mundong ating ginagalawan. Para sa librong ito, hindi naging mahirap para sa akin ang tukuyin ang konseptong kinakatawan nito. Ito ay ang konseptong sinasagisag ng "Binangonan" sa buhay at imahinasyon ni Tita Her.

Ito ang isang bagay na hindi binibigyan ng atensiyon ng nakararami. Sa English, tinatawag natin itong *taken for granted*. Ito ang mga bagay-bagay na hindi na natin napapansin dahil nandiyan lang naman, nasa tabi-tabi lang, dinadaan-daanan. Kahit ako, aminadong hindi pa rin nabibigyan ng sapat na atensiyon ang isipin at saliksikin ang ating bayang Binangonan. Himig nga ng isa sa mga kuwento ni Tita Her, mabibilang sa daliri ang tunay na nagbigay ng panahon upang isadokumento ang tungkol sa Binangonan tulad ni Lolo Norling Cervo, na noong bata pa ako ay nakilala kong makata at may-akda ng mga sanaysay at libro tungkol sa ating bayan. Sa aking opinyon, baka marami pang iba na di natin lubos nakilala dahil nga, *taken for granted*. Hindi na napahalagahan hanggang sa makalimutan.

Dito naiba ang lapit ni Tita Her. Sa koleksiyong ito, nakakatuwang ang konsepto ng "Binangonan" ay binigyang-buhay niya sa pamamagitan ng magkahalong historikal at sosyolohikal na istilo. Natanto ko ito nang personal kong

mapakinggan ang proseso ng pagsusulat ng libro at madama ang dahilan kung bakit niya gustong mailathala ito. Para kay Tita Her, ang Binangonan ay maituturing na isang dakilang sagisag ng kasaysayan at kamalayan. Sumisimbolo ito ng kanyang henerasyon na lumaki at nabuhay sa nakaraang pitong dekada, mula 1950 hanggang 2020. Simbolismo ito ng 70 taon ng buhay na ang pinangyarihan ay sa Binangonan. Mababanaag ang interes ni Tita Her na makipag-usap sa kasaysayan at makipagtalakayan sa sosyolohiya sa paraan ng kanyang paghahanay ng mga kabanata ng libro. Lahat ay tangan ang konseptong "Binangonan" na itinambal niya sa mga salitang historikal tulad ng "pinanggalingan" at "patutunguhan" at mga terminong may sosyolohikal na tono tulad ng "laang", "natin", at "lahat." Kaya't para sa mga mag-aaral ng lipunan tulad ko, batid ko ang potensiyal nito para sa sinumang nais magsaliksik tungkol sa bayang Binangonan. Mabuti na lang at muling binuhay ni Tita Her ang posibilidad ng diskurso tungkol sa Binangonan sa pamamagitan ng kanyang mga kuwento.

## SINING

Isang malikhaing inobasyon ng librong ito ang paggamit ng sining bilang metodo. Ang unang sangkap-sining ay makikita sa mga likha ng maraming talentadong pintor at artista ng bayan ng Binangonan sa pangunguna ni G. Raul Lacanilao na kung saan, natampok ang di matatawarang biswal na husay, galing, at kaluluwa ng mga larawang ang interes ay kinakatawan ang bayang Binangonan. Batid kong ang prosesong ito ay hango sa *visual research* na unti-unti nang nagiging popular bilang metodo sa pagsasagawa ng agham panlipunan. Kaya't napangiti ako na ginamit ito ni Tita Her upang mas maging makatotohanan at mabusog din ng diwang-biswal ang mga magbabasa. Ang ikalawang sangkap-sining ng libro ay ang paggamit ni Tita Her ng mga kuwento, na kanyang binuo gamit ang personal na karanasang ang pinaghugutan ng mga datos ay binigyang-kahulugan sa pamamagitan ng mga temang kultural. Malapit ang

estratehiyang ito sa tinatawag namin sa agham panlipunan na *auto-ethnography.* Hindi man batid ni Tita Her ang sistematikong kalakaran ng pagsasaayos ng mga datos, dahil di niya gagap ang pormal na pagsasagawa ng pananaliksik, masasabi kong bukal ang interes ni Tita Her na maipakitang may sining sa kanyang mga kuwento, at ito ang lakas ng kanyang metodong mabigyan ng buhay at kahulugan ang nag-iisang paksa ng kanyang panulat – ang Binangonan. Kaya't mababatid na sa huling bahagi ng libro, ibinunyag ni Tita Her kung sino siya bilang pangunahing tagakuwento; sino-sino ang mga manlilikhang bayan na nagbahagi ng kanilang sining; at talaan ng mga sanggunian na patunay na pagkilala sa mga pinaghugutan ng mga datos na nakipagniig sa kanyang personal na karanasan. Kakaibang paggamit ng sining bilang metodo na hindi malayong magbukas ng daan sa marami pang magnanasang magkuwento tungkol sa anumang kikiliti sa imahinasyon ng mga taga-Binangonan.

## SAYSAY

Ang aking expresiyong, "Sa wakas, mga kuwento ng aking bayang sinilangan!" na nasambit ko matapos basahin ang librong ito ay siyang kumakatawan ng isa pang nakakaengganyong sangkap ng obra maestra ni Tita Her – ang saysay na ang ibig sabihin ay pahayag o halaga. Kaya nga kapag ginagamit ang salitang *kasaysayan*, pinapakahulugan nito ang pagbibigay ng saysay tungkol sa isang bagay. Kay ganda lang isipin na para sa mga makakabasa ng librong ito, ang mananaig na damdamin ay ang adhikain ni Tita Her na mahalaga ang Binangonan hindi lang para sa kanya kundi para sa marami sa ating likas, dumayo, at pinili nang tumira dito. Kumbaga, hindi na isasaisang-tabi o ikahihiya ang bayan ng Binangonan bagkus mas mananaig ang paggalang at pagmamalaki rito. Dahil ang totoo, kahit anong mangyari, ito ang lugar na itinuturing nating tahanan kaya't sa panahon ng pamamahinga, sakit, at kamatayan, ito rin ang kahahantungan. Ang panimulang sinilangan at ang wakas na bayan ng himlayan.

Kaya't kung pagkakalimiin nang mabuti, sa aking palagay, ang lakas, samyo, at espiritu ng librong BINANGONAN 1950–2020 ay sa pagbantayog ng tatlong sangkap nito: sagisag, sining, at saysay ng bayang hindi lang binigyang-buhay ni Tita Her kundi higit sa ibinahaging mga kuwento na hinugot niya sa kanyang sinapupunan tulad ng bagong silang na sanggol.

Ang librong ito ay maituturing na anak ni Tita Her na sa pagkakalathala'y maraming mapupulot na kuwentong-aral na hindi niya ipinagkait dahil nga, ito ang kanyang kontribusyon sa pagtataas ng kamalayang para at tungo sa maalwang pagbangon ng ating bayang Binangonan.

Kapag binasa ninyo ang librong ito, lalo na kapag taga- Binangonan, sigurado po akong mapapangiti at mapapa-"Hane!". Ang gandang basahin nito lalo para sa mga bata at kabataang nais nating magmahal sa ating bayang sinilangan gamit ang talim, talas, at tamis ng panulat ni Tita Her.

Kaya't simulan na ang pagbabasa.

**Prop. Clarence M. Batan, PhD**
*Pilipinong Sosyologo*
*Unibersidad ng Santo Tomas*

Mayo 19, 2023

